


Ang Illinois State Seal of Biliteracy



Gabay sa Mga Magulang

Bilingual ba ang iyong mag-aaral?

Sila ay maaaring eligible na makamit ang Illinois State Seal of Biliteracy sa kanilang diploma at transcript sa high school.

Ano ang State Seal of Biliteracy?

Ito ay isang parangal na iginagawad sa pagtatapos bilang pagkilala sa pagkamit ng mataas na antas ng kasanayan sa wikang Ingles at sa isa o higit pang mga karagdagang wika. Ang isang mag-aaral ay maaaring makakuha ng KREDITO SA KOLEHIYO sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad sa estado ng Illinois.

Sino ang nilalayong tatanggap ng Seal?

Ang mga nagtapos sa high school na may pamanang wika [heritage language] maliban sa Ingles at mga mag-aaral na nagsasalita ng Ingles na nag-aral ng bagong wika maliban sa Ingles ay ang nilalayong tatanggap ng pagkilalang ito. Ang bilinggualismo ay isang katangian na dapat ipagdiwang!

Paano nakukuha ang Seal?

Ang paaralan ng iyong mag-aaral ay dapat magparehistro upang lumahok sa programa ng estado bawat taon. Ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng katibayan ng kahusayan sa wikang Ingles sa pamamagitan ng alinman sa mga pamamaraan na inaprubahan ng estado. Ang isang naaprubahang pagsusulit o portfolio ay maaaring gamitin upang ipakita ang kahusayan depende sa kung aling ibang wika ang sinasalita ng mag-aaral.

Gusto mo ba ng karagdagang impormasyon?

Tanungin ang counseling department sa iyong high school at sabihin sa kanila na ang iyong anak ay nagsasalita ng ibang wika! O magpadala ng email sa biliteracy@isbe.net kung may anumang katanungan.

Bakit itinatag ng Illinois ang state seal of biliteracy?

- ✓ Upang hikayatin ang pag-aaral ng mga wika sa daigdig.
- ✓ Upang opisyal na patunayan ang pagkamit ng biliteracy.
- ✓ Upang mabigyan ang mga employer ng pamamaraan ng pagtukoy ng mga multilinggual.
- ✓ Upang mabigyan ang mga unibersidad ng karagdagang pamamaraan para makilala ang mga aplikanteng humihiling na makapasok at ng language placement.
- ✓ Upang ihanda ang mga mag-aaral sa mga kasanayang pang-ika-21 siglo.
- ✓ Upang kilalanin ang kahalagahan ng pagtuturo sa wikang pandaigdig at sa katutubong wika.
- ✓ Upang palakasin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga pangkat, pagtibayin ang halaga ng pagkakaiba-iba, at igalang ang maraming kultura at wika ng isang komunidad!

Anong mga pagsusuri ang maaaring gamitin upang ipakita ang kahusayan?

Kahusayan sa Wikang Ingles

1. Mga marka sa ACT o SAT
2. ACCESS (para sa EL na mga mag-aaral)
3. Mga marka sa AP Language & Composition
4. Dual Credit coursework
5. STAMP 4S na pagsusulit
6. AAPPL

Kahusayan sa Wikang Pandaigdig


1. Marka sa AP Language & Culture
 2. STAMP 4S na pagsusulit
 3. AAPPL na pagsusulit
 4. Iba pang mga pagsusulit sa domain ng ACTFL
 5. ALTA na pagsusulit
- May iba pang mga pamamaraan ng portfolio

Ang mga detalye at mga kahingian sa marka ay matatagpuan sa Seal of Biliteracy [website](http://www.isbe.net) ng ISBE



Ang Illinois State Seal of Biliteracy

Sanligan



Ang Illinois State Seal of Biliteracy ay isang parangal na iginagawad sa pagtatapos bilang pagkilala sa pagkamit ng mataas na antas ng kasanayan sa wikang Ingles at sa isa o higit pang mga wika. Ito ay opisyal na inilalagay sa transcript at diploma sa high school ng isang mag-aaral.

Ang parangal na ito ay inilaan upang isama ang mga mag-aaral na nagsasalita ng isang wika sa bahay maliban sa Ingles pati na rin ang mga nagtatapos ng kurso ng pag-aaral sa wikang pandaigdig sa high school. Ang pagiging bilingguwal ay isang katangian para sa lahat.

Ang pagiging bilingguwal ay isang mahalagang kasanayan sa kasalukuyang pandaigdigang lipunan. Ang mga kurikulum sa wika na gumagabay sa mga mag-aaral sa Seal of Biliteracy ay naghihikayat sa mga mag-aaral na gamitin ang kanilang mga kasanayan sa wika sa halip na matuto lamang ng isang wika. Ang Seal ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng isang bagay na tiyak na pagsisikapan habang sila ay nagsisikap na matuto ng mga bagong wika at/o mapanatili ang kanilang sariling wika sa panahon ng kanilang pag-aaral. Maaari mong hikayatin at bigyan ng insentibo ang iyong mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral ng wika sa pamamagitan ng pagtatatag at pagtataguyod ng isang programa tulad ng Illinois State Seal of Biliteracy. Ang pinakamahalagang bagay na maaari mong gawin ay magtaguyod ng isang kultura sa iyong paaralan na kumikilala at nagpapahalaga sa iba't ibang wika at kultura.

Sa Illinois, ang seal ay katumbas din ng kredito sa kursong Foreign Language sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad.



Tinatanggap ng Illinois ang iba't ibang pagsusulit sa kasanayan o mga opsyon sa portfolio para maipakita ng mga mag-aaral ang kahusayan sa wikang Ingles at mga kasunod nitong wika. Ang mga inapubahang pagsusulit sa wika ay nakalista sa aming website. Makipag-ugnayan sa biliteracy@isbe.net para sa tulong.

Paano ko sisimulan ang isang programa? Ano ang mga inaasahan taon-taon at mga deadline? Paano natin pisikal na igagawad ang seal sa pagtatapos? Anong suporta ang mayroon para sa mga distrito, mga guro, at mga mag-aaral na nagtataguyod ng karangalang ito? **Ang lahat ng mga katanungan ay masasagot sa pamamagitan ng pagbisita sa aming [website](http://isbe.net).**



Illinois
State Board of
Education